# Problema sa public transport issues, lulutasin sa QC

Agaran nang malulutas ang problema sa usapin ng public transport services sa Quezon City.

Ito ay makaraang aprubahan ng QC Council na pinamumunuan ni Vice Mayor Joy Belmonte ang ordinance 2726 na lumikha sa QC Public Transport Service Board na paplantsa sa lahat ng problema at isyu hinggil sa mga pampasaherong sasakyan tulad ng bus, jeep, taxi, tricycle at UV express na dumadaan sa lungsod.

Sinabi ni QC Councilor Toto Medalla, chairman ng committee on Transportation ng QC Council, na ang board ang magsasagawa ng pag-aaral, rekomendasyon sa transportation agencies tulad ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board, Land Transportation Office (LTO), MMDA hinggil sa transport issues.

"Ang board ay magrerekomenda sa LTFRB at MMDA kung aling mga ruta sa QC ang lalagyan ng dagdag na mga passenger vehicles, gayundin ang pagbabawas sa mga sasakyan sa isang ruta sa QC, magrerekomenda rin kami tungkol sa franchise na ibibigay sa mga pampasaherong sasakyan gayundin yung paglalagay ng mga bagong ruta sa mga lugar na dine-develop sa QC at pati mga terminal sa QC ay aayusin din ng board," pahayag ni Medalla.

Anya, isinagawa na ang Implementing Rules and Regulation (IRR) ng board makaraang malagdaan ni QC Mayor Herbert Bautista ang naturang ordinansa.

Una nang sinabi ni Atty. Ariel Inton, founding President ng Lawyers for Commuters Safety and Protection na malaking tulong ang pagkakaroon ng Transport Service Board sa QC dahil masosolusyunan nitong lahat ang usapin na may kinalaman sa isyu ng mga pampasaherong sasakyan.

Ang QC Public Transport Service Board ay kauna-unahang binuo sa lungsod.